


## PANIMULA

Sa ating bansa, ang sili ay isa sa pinakamahalagang gulay. Ang dahon at bunga nito ay ginagamit na sangkap sa iba't ibang lutuin.

Ito ay nagpapasigla at nagbibigay ng sustansya na kailangan ng ating katawan tulad ng bitamina A, C, calcium at iron. Kilala ang sili bilang anti-cancer at nakatutulong sa iba pang karamdaman. Ang katas nito na may taglay na anghang ay ginagamit na pangkontrol sa ilang insekto.

Ito ay magandang uri ng sili dahil matingkad ang pagkapula nito kapag magulang na, maanghang at matagal ang buhay. Ito ang kadalasang hinahanap ng mga mamimili.

## URI NG LUPANG PAGTATAMNAN

Ang sili ay magandang itanim sa mataba, buhaghag na lupa na may pH na 5.5 hanggang 6.8 at may sapat na patubig.

## PANAHON NG PAGTATANIM

Ang sili ay pinakamainam itanim mula buwan ng Oktubre hanggang Enero kung kailan malamig ang klima.

## MGA PARAAN NG PAGPUPUNLA

Maaaring gumamit ng isang lata (*26 grams*) na binhi sa 2000sq m na lupa. Ito ay may bilang na 2,500 pirasong *seedlings*.

### 1. Seedbed Method

Gumamit ng 800 gramo ng binhi kada ektarya.

Maghanda ng mga punlaang-kama na isang metro ang luwang at limang metro ang haba na may taas na anim na pulgada.

Lagyan o haluan ng sinunog na ipa (*carbonized rice hull*), 300 gramo kada metro kuwadrado at compost, 500 gramo kada metro kuwadrado.

Basain ang punlaan at maglagay ng mababaw na guhit sa ibabaw nito sa agwat na 10 sentimetro.

Ibudbod nang manipis ang mga binhi sa ginawang guhit at tabunan ang mga ito ng kaunting lupa.

Mag-kilib (*mulch*) sa pamamagitan ng tinadtad na dayami at unti-unting diligin sa pamamagitan ng pandilig o regadero.

Ilipat ang punla sa layong 3cm x 3cm makaraan ang pitong araw pagkasibol. Gawin ito sa umaga o sa bandang hapon.

### 2. Seedling Tray Method

Gumamit ng 20 *seedling trays* na may 100-104 na butas.

Maghalo ng lupa, organic fertilizer at sinunog na ipa na may ratio na 1:1:1 at punuin ang butas ng tray.

Magtanim ng 2-3 buto sa gitna ng butas ng tray, tabunan at diligan. Ilagay sa malilim na lugar o "nethouse".

Patabaan ng isang dakot na potassium nitrate ($KNO_3$) na nilusaw sa 10 litrong tubig at idilig sa mga tray, lima (5) hanggang 10 araw pagkatubo.

Ilipat sa ibang tray ang sobrang *seedling* pitong araw pagkatubo. Dapat isang halaman o *seedling* lamang kada butas ng *tray*.

## PAGHAHANDA NG LUPANG PAGTATAMNAN

Araruhin ng dalawang beses at linangin ng dalawang beses ang lupang paglilipatan ng punla.


**Sistema ng Pagtatanim**

**Isahang tudling**

**Dalawahang tudling**

## PAGLILIPAT-TANIM

Sa paglilipat-tanim, itanim ang punla ng may layong isang metro sa pagitan ng bawat tudling at 50cm ang pagitan ng bawat tanim. Patubigan ang bawat tudling habang naglilipat-tanim.




## PANAHON NG PAGPAPATABA

| Panahon ng Pagpapataba | Uri ng Pataba | Dami |
|---|---|---|
| 10DAT | 16-20-0 | 2-3kg/ 1,000sqm |
| 40DAT | 16-20-0 | 2 tbsp/plant |
| 60DAT | 16-20-0 | 2 tbsp/plant |
| - | urea | 1tbsp/plant |

Ito ay maaaring baguhin ayon sa pangangailangan ng inyong lupa.

## PAGPAPATUBIG

Magpatubig matapos maglipat-tanim. Gawin ito minsan sa isang linggo.

## PAGKONTROL SA PESTE AT INSEKTO

Gumamit ng akma at rekomendadong kemikal sa pagsugpo ng insekto.

## PAG-AANI


Ang sili ay inaani kung ang bunga nito ay nasa hustong gulang na. Ito ay ginagawa mula 90-100 na araw mula sa pagkakalipat-tanim.

**STBF Local Team**
*Carranglan, Nueva Ecija*

| | |
|---|---|
| Magsasaka Siyentista | Mr. Renato R. Javier |
| FITS Manager | Mr. Napoleon A. De Gracia |
| Technical Expert | Dr. Nenita E. Dela Cruz |
| Focal Person | Ms. Vivian S. Ramos |

**PRODUCTION TEAM**

| | | |
|---|---|---|
| Writer | : | Ms. Vivian S. Ramos |
| Technical Expert | : | Dr. Nenita dela Cruz |
| Editors | : | Dr. Pastora S. Coloma |
| | | Prof. Nemesio V. Torres |
| | | Ms. Janet L. Saturno |
| Layout Artist | : | Mr. Ephraine R. Chavez |


*Isinaayos at inilathala ng:*

**Regional Applied Communication Office**
Central Luzon Agriculture and Resources Research and Development Consortium
Tel. No.: (044) 456-0609

**Extension Office**
Central Luzon State University
Science City of Muñoz, Nueva Ecija
Tel. No.: (044) 456-5233

**Philippine Council for Agriculture, Aquatic and Natural Resources Research and Development (PCAARRD)**
Los Baños 4030, Laguna
(049) 536-0014 to 0015, 0017 to 0020

Copyright©2012 by
Central Luzon Agriculture and Resources Research and Development Consortium (CLARRDEC)
Central Luzon State University
Science City of Muñoz
Nueva Ecija 3120

Reproduced by
**AGRICULTURAL TRAINING INSTITUTE**